Legal Aid QUEENSLAND
Domestic Violence Unit

Paano ako kukuha ng Kautusang Pamproteksyon sa Pantahanang Karahasan?

Ano ang mangyayari sa hukuman?

Kumpletohin ang porma ng aplikasyon sa kautusang pamproteksyon (DV1 form). Dalhin at ihain ito sa lokal na Mahistradong Hukuman. **

**** MADALIANG PANSAMANTALANG KAUTUSANG PAMPROTEKSYON**
Hilingin na makipag-usap sa isang tauhan ng Patalaan ng Hukuman o sa isang opisyal ng pulis kung sa palagay mo ay kailangan mo ng madaliang proteksyon.

(Ang Pulis ang kalimitang kumukumpleto sa mga pormang ito para sa taong humihingi ng proteksyon)

Ang Pulis ay magbibigay ng kopya ng porma sa taong nananagot (taong dahilan ng pangangailangan ng proteksyon)

Pagbanggit

Unang pagharap sa hukuman 3 - 4 na linggo pagkatapos na maihain ang porma sa hukuman.
Ito ay hindi isang paglilitis.
Kailangang malaman ng Mahistrado kung ano ang nangyayari sa aplikasyon sa kautusang pamproteksyon.

Nasa hukuman ba ang taong nananagot para sa pagbanggit?

Opo — Wala po

Pumapayag ba ang taong nananagot sa kautusang ginagawa?

Opo — Hindi po

Ang Mahistrado ay magbibigay ng huling takdang kautusang pamproteksyon.

Ang kaso ay itatakda o maaaring itakda para sa pagdinig (matapos ang 4 – 6 na linggo)

Binigyan ba ng kopya ng porma ng DVI ang taong nananagot?

Opo — Hindi po

Ang Mahistrado ay maaaring magbigay ng huling takdang kautusan (maaaring mangyari sa pagbanggit)

Ang kaso ay itinigil para sa isa pang pagbanggit hanggang ang taong nananagot ay mapahatiran ng porma (matapos ang 3 – 4 na linggo)

PAGLILITIS

Kung ang iyong kaso ay itinakda para sa paglilitis, kumuha kaagad ng ligal na payo.
Sa paglilitis, ang Mahistrado ay makikinig sa katibayan buhat sa taong humihingi ng proteksyon, sa taong nananagot at sa mga kaugnay na mga testigo, at gagawa ng desisyon kung ang kautusang pamproteksyon sa pantahanang karahasan ay kailangang gawin.
Sa paglilitis ikaw ay maaaring katawanin ng isang taga-usig ng Pulis, abugado ng ligal na tulong, pribadong abugado o ng iyong sarili.

Ang walang bayad na impormasyon at payo ay makukuha buhat sa Pang-impormasyong Serbisyo sa Kliyente ng Legal Aid Queensland:

✆ 1300 65 11 88